

Filipino

# Paano ang pagkuha ng sarili mong sampol




## Hakbang 1.

Bibigyan ka ng pribadong lugar para sa pagkuha ng iyong sampol.




## Hakbang 2.

Pihitin ang takip at alisin ang swab mula sa tubo. Hawakan ang takip at huwag hipuin ang dulo ng swab.




## Hakbang 3.

Gamit ang iyong kabilang kamay, dahan-dahang itabi ang mga balat sa paligid ng iyong ari (vagina). Ipasok ang swab sa iyong ari nang ilang sentimetro.





## Hakbang 4.

Dahan-dahang iikot ang swab nang 10–30 segundo.



## Hakbang 5.

Dahan-dahang alisin ang swab mula iyong ari. Ipasok ang swab sa tubo, takpang muli at ibalik ito sa iyong tagapagbigay ng pangkalusugang pangangalaga.



## Hakbang 6.

Ipadadala ng iyong tagapagbigay ng pangkalusugang pangangalaga ang iyong sampol sa isang pathology laboratory para masuri.

health.gov.au/ncsp

NATIONAL CERVICAL SCREENING PROGRAM